

KIAN

KAWASAKI
INTERNATIONAL
ASSOCIATION
NEWS

KUMUSTA KAWASAKI

Mga paalala at impormasyon mula sa Kawasaki City

Wind bells market sa Kawasaki Daishi

川崎大師風鈴市

355



Sa Kawasaki Daishi, gaganapin ang pinakamalaking pamilihan ng wind bells mula sa araw ng ika-17 ng Hulyo (Huwebes) hanggang ika-21 ng Hulyo, (Lunes, Holiday) Sa pamilihang ito, may 280 uri at 28000 pirasong windbells ang ibebenta na kung saan ang mga ito ay galing sa iba't ibang lugar ng buong bansang Hapon.

Mag-eejoy sa panood at paghawak ng windbells na kung saan naglalarawan ito ng mga katangian ng lugar na pinanggalingan nito, halimbawa ang mga orihinal na potbelly charms (yakuyoke daruma) laban sa masamang kapalaran, Nambu windbells, Edo windbells at mga gintong windbells atbp.

Sa init ng panahon, matutunghayan ang mga mamimili galing sa iba't ibang lugar na naka damit ng yukata upang makadama ng malamig na samyo ng hangin at malamig na tunog mula sa windbells. Kinikilalang isang magandang yugto ang pamilihang ito tuwing bakasyon ng tag-araw dito sa Kawasaki. Halina at danasin ang lamig ng tunog ng tradisyonal na windbells.

Mula ika-17 hanggang ika-21 ng alas 10 hanggang alas 6 ng hapon subalit sa ika-20, (Linggo) bukas ito mula alas 10 hanggang alas 9 ng gabi.

Mararating ang Kawasaki Daishi 8 minutos walk mula Kawasaki Daishi Eki ng Keikyu Daishi Line. Ang mga tanong ay ipaabot sa Keisai Rodo Kyoku Shogyo Kanko Ka 044-200-2327.




Piyesta ng Mamamayan ng Takatsu

高津区民際

356

Ang Takatsu Kumin Matsuri ay gaganapin sa ika-27 ng Hulyo (Linggo) sa mga lugar ng Mizonokuchi, sa Oyama Kaido, Takatsu Library, Takatsu Elementary School, Takatsu Sports Center at Scrum 21. Sa araw na ito, ang Istasyon ng Bumbero at mga mag-aaral na miyembro ng drum and fife band ay magpa-parade ng may 1.5 kilometros, may mga iba't ibang booths o stores sa gilid ng daan. Mayroon ding movable zoo at lugar na pwedeng maglaro ng ground golf, music concerts, at magpapa-lutang ng lanterns sa Nikaryo Yosui Canal bilang pag-alala sa mga ninuno.

Inaanyayahan ang lahat upang makibahagi sa makasaysayang pagdiriwang tuwing tag-init ng Takatsu Kumin Sai o piyesta ng mamamayan ng Takatsu. Para sa iba pang impormasyon, tumawag sa Takatsu Kuyakusho Soumu Ka 044-861-3121.



Tamagawa Fireworks

多摩川花火大会

357



Sa anibersaryo ng pagkakatag ng Kawasaki ay magkakaroon ng Tamagawa Hanabi (Fireworks) gaganapin sa Takatsu ku Suwa sa ika-16 ng Agosto (Sabado) alas 6:30 ng gabi. Matagal nang panahon mula ng simulan ang fireworks na ito at nagging bahagi na ring ng kasaysayan sa tuwing sasapit ang panahon ng tag-araw. Makikita sa kalangitan ang may 6000 paputok na magbibigay ng kasiyahan sa pamamagitan ng malakas na tunog nito at magandang tanawin sa kalangitan.

Upang makarating dito, bumaba sa istasyon ng Futako Shinchi ng Tokyo Den-en toshi line, 8 minutos na lalakaran. Mula sa Takatsu naman, 15 minutos at 20 minutos kapag nanggaling sa Musashi Mizonokuchi ng Nambu line. Maaaring mapatigil ang pagdaan ng sasakyan sa mga piling lugar kaya't inaasahan ang lahat na gumamit ng pampublikong sasakyan. Wala ring paradahan para sa sasakyan, motorsiklo at bisekleta.

Magtanong sa Thank You Call Kawasaki : 044-200-3939.

外国人への無料医療情報

Ang Asao Foreigners Medical Information Helpline ay itinatag ng Asao ku chiiki shinkouka kung saan ang mga boluntaryo ay nagbibigay ng libreng serbisyo tungkol sa impormasyong pang medikal. Ito ay magsisilbi sa mga dayuhang mamamayang malapit sa Asao tulad ng (Asao, Tama, Miyamae, Machida at Sagami-hara) Tuwing Lunes at Biyernes ika-10 hanggang ika-3 ng hapon sa mga wikang Ingles, Kastila at Intsik. Tumawag sa 044-951-6468. Mga temang maaaring ikonsulta ay: mga pagamutang malapit sa Asao ward, mga impormasyon ukol sa mga check-ups, bakuna at ng sistema ng pagpapagamot at insyurans ng Japan atbp.

May problema ka? Tawag na o magsadya sa: Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki

Silid –Sanggunihan para sa mga Dayuhan

Ang [Kawasaki International Association] ay nagbibigay ng walang bayad na konsultasyon serbisyo para sa mga dayuhan tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay.

■ Konsultasyon sa iba't-ibang Wika

Wikang Ingles : Lunes ~ Sabado

Wikang Intsik : Martes, Miyerkoles at Biyernes

Wikang Koryano : Martes at Huwebes

Wikang Kastila: Martes at Miyerkoles

Wikang Portugis: Martes at Biyernes

Wikang Tagalog: Martes at Miyerkoles

■ Oras ng Konsultasyon

10:00 ng umaga ~16:00 ng hapon



Inilathala ng Asosasyong Pandaigdig ng Siyudad ng Kawasaki
〒211-0033 Kawasaki International Center

2-2 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki

Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kiankawasaki@kian.or.jp HP URL:http://www.kian.or.jp/